日本語 | **Pilipino**

# 外国人の子どもと保護者のための進路ガイダンス 2024

## Seminar sa Paggabay ng “Shinro” o Career Advancement para sa Banyagang Mag-aaral at ng Kanilang Magulang (2024)

### 資料 / Reference



**Ika-27 ng Hulyo, 2024; Sabado, 13:00～16:30**

**Nagoya International Center, Conference Room 5F**

主 催 :（公 財）名古屋国際センター

Inihahatid ng: Nagoya International Center

共 催 ：名古屋市教育委員会

Sa pakikipagtulungan ng: Nagoya City Board of Education

後 援 ：愛知県教育委員会

Sa kooperasyon ng: Aichi Prefecture Board of Education

※Ang nilalamang impormasyon sa reference manual na ito ay mula sa datos ng taong 2024, buwan ng Hulyo.

本事業は、名古屋市の指定管理事業です




Ⅰ Pangunahing Pagpili ng Landas sa Tatahaking Kurso sa Pagtatapos ng "Chugakko" o Junior High School 1

Ⅱ Ang pagsulong ng karera ng mga hindi naka-enroll sa Junior High School 10

【Materyales 1】Public Senior High School (Full-time Course) sa Group A at Group B 11

【Materyales 2】Saan makikita ang mga katanungan sa pagsusulit ng nakaraang 5 taon 11

**Pagpapakilala ng Paaralan**

AICHI KENRITSU NAKAGAWA SEIWA KOTO GAKKO 12

GAKKO HOUJIN DENPA GAKUEN NAGOYA KOGAKUIN SENMON GAKKO 13

NAGOYA GAKUEN NAGOYA JOUHOU SENMON GAKKO 14

AICHI KENRITSU JOHOKU TSUBASA KOTO GAKKO 15

NAGOYA SHIRITSU KOGYO KOTO GAKKO TEIJISEI KATEI 16

NAGOYA SHIRITSU CHUO KOTO GAKKO TEIJISEI KATEI 17

## 1 Pangunahing Pagpili ng Landas sa Tatahaking Kurso sa Pagtatapos ng *"Chugakko"* o Junior High School (Career advancement)

Sa pagtatapos ng Junior H.S. mayroong nagtatrabaho o sumusulong sa Senior High School. Karaniwan nang sila ay sumasailalim sa pagsusulit at interview.




Kung susulong sa Senior H.S. at makapagtapos nito, mas malaki ang oportunidad at mas marami ang uri ng trabaho ang maaaring mapasukan.

Hindi makakasulong sa Senior H.S. kung hindi nakapagtapos ng Junior H.S.

Para sa mga taong hindi naka-enroll sa Junior H.S. tingnan ang pahina 10 na 「II Chugakko ni zaiseki shiteinai hito no shinro ni tsuite」

Ang mga salitang makikita sa materyales na ito.

公立(こうりつ)…Ito ang mga paaralan na itinatag ng bansa, prepektura o lungsod.

私立(しりつ)… Ito ay itinatag ng pribadong sektor.

考査(こうさ)／試験(しけん)… test ＊ginagamit rin ang salitang Kensa。

入試(にゅうし) … pagsusulit upang makapasok sa Senior H.S.

受検(じゅけん)／受験(じゅけん) … Pagkuha ng test upang makapasok sa H.S.



名古屋国際センター NIC Nagoya International Center

## 2 Uri ng Senior High School

### (1) Public Senior High School at Private Senior High School

| Public Senior High School | Private Senior High School |
|---|---|
| ○ General Course at mayroon ring Industrial・commerce・ Comprehensive Course, atbp.<br>○ Mayroon ring Part-time Course at Correspondence schooling. | ○ Magkakaiba ang educational policy ng bawat Senior H.S.<br>○ Mayroong espesyalisasyon sa industrial at commerce . |

### (2) Iba pang Senior High School

Mayroong National Senior H.S. at National Vocational H.S.
Makakatanggap rin ng diploma ng pagtatapos sa Senior H.S. sa mga Technological Senior H.S.

## 3 Ang Public Senior High School

※Simula sa taon 2024 entrance exam, ang mga aplikasyon ay gagawin sa online.

CHECK Ang detalye ng aplikasyon online ay makikita sa pahina 8, "8. Tungkol sa aplikasyon online".

### (1) Full-time at Part-time Course

| Full-time Course | Part-time Course |
|---|---|
| ○ Mag-aaral mula umaga hanggang hapon.<br>○ Mag-aaral sa loob ng 3 taon. | ○ Sa day time classes, 4 na oras mag-aaral mula umaga o tanghali.<br>○ Sa evening classes, 4 na oras mag-aaral mula sa hapon.<br>○ 4 na taon ang gugugulin bago makapagtapos nito.<br>○ Maaaring makapagtapos sa loob ng 3 taon sa ilang paaralan. |

Bukod pa rito ay mayroon ring Correspondence Senior H.S.

### (2) Iba't-ibang kurso

| | |
|---|---|
| General Course | Japanese・Math・English ang ilan sa mga pangunahing pinag-aaralan rito. Maaaring sumulong sa mas mataas na edukasyon o kaya naman ay mag-trabaho. |
| Specialized Course | Industrial・Commerce・Agricultural・Home economics・Welfare<br>Pag-aaralan ang specialized knowledge at skills. |
| Comprehensive Course | Makakapili ng curriculum depende sa nais na career advancement sa hinaharap. |

Sa Private Senior High School, mayroon din Industrial, at Commerce Course.

## (3) Ang entrance examination sa Public Senior High School Full time course

### ① Entrance examination para sa banyagang mag-aaral (Foreigner selection)

Ang mga bata o mayroong magulang na banyaga na wala pang 6 na taon sa Japan ay maaaring kumuha nito. *(Gaikokujin seito nado senbatsu)*
Mayroong interview at academic test.
Ang academic test ay Japanese・Mathematics・English basic knowledge、may rubi ang kanji characters nito.
Ito ay isinasagawa sa mga sumusunod na paaralan.

【General Course】

| Paaralan sa distrito ng *Owari* |
|---|
| NAGOYA MINAMI Senior High School |
| KOMAKI Senior High School |
| HIGASHIURA Senior High School |

| Paaralan sa distrito ng *Mikawa* |
|---|
| KOROMODAI Senior High School |
| ANJO MINAMI Senior High School |
| MITO AOBA Senior High School |

【Specialized Course・Comprehensive Course】

| | |
|---|---|
| TOYOTA Industrial Senior High School (Industrial course) | IWAKURA Comprehensive Senior High School（Comprehensive Course） |
| TOYOKAWA Industrial Senior High School (Industrial course) | CHIRYU Senior High School (Comprehensive Course) |
| NAKAGAWA SEIWA Senior High School (Career business course) | TOYOHASHI NISHI Senior High School (Comprehensive Course) |



Tiyakin kung maaaring makakuha ng entrance examination para sa banyagang mag-aaral mula sa…
Aichi Prefecture Board of Education, High School Education Division
☎ 052-954-6786

### ② General course *(Ippan senbatsu)*

Ang Public Senior High School ay nahahati sa A Group at B Group.
Maaaring makapili ng 1 Senior High School sa A Group at isa sa B Group .
Ang nilalaman ng pagsusulit ay Japanese・Social Studies・Math・Science・English gamit ang mark sheet form.
Isang beses lamang ang academic test.
Mayroon ring paaralan na magsasagawa ng interview.




Ang paliwanag ng「A Group」at「B Group」ay makikita sa Pahina 11 ng【Materyales1】.

### ③ By recommendation *(Suisen senbatsu)*

Ang mga mag-aaral na nakakuha ng rekomendasyon mula sa Junior H.S. ay makakakuha nito.
Mayroon ring interview.

### ④ Special Selection *(Tokushoku Senbatsu)*

Ito ay isasagawa sa ilang Senior high school.
Sila ay sasailalim rin sa interview. At mamimili mula sa essay writing, academic test o presentation.

### ⑤ Returnees Student Selection *(Kaigai Kikoku Seito Senbatsu)*

Mag-aaral na nanirahan ng 2 taon sa ibang bansa kasama ang kanilang mga magulang, wala pang 2 taon na nakabalik sa bansang Japan ay maaaring kumuha nito.
May academic test at interview.

## (4) Public Senior High School Part-time Course *(Teijisei)* Entrance Examination

Ang academic test ay basic knowledge sa Japanese, Math, English. Mayroon ring essay writing o interview.
Kahit saang Part-time Public Senior H.S. sa loob ng prepektura ay maaaring kumuha ng pagsusulit.

【Evening class *(Yakan Teijisei)*】

| **General Course** | |
|---|---|
| Meiwa Senior High School | Oobu Senior High School |
| Nagoya Nishi Senior High School | TOYOTA Nishi Senior High School |
| Atsuta Senior High School | Okazaki Senior High School |
| Kasugai Senior High School | Hekinan Senior High School |
| Inuyama Senior High School | Anjou Senior High School |
| Kochino Senior High School | Isshiki Senior High School |
| Komaki Senior High School | Gamagori Senior High School |
| Ichinomiya Senior High School | Nagoya Shiritsu Chuo Senior High School |
| Tsushima Senior High School | |
| Yokosuka Senior High School | Toyohashi Shiritsu Toyohashi Senior High School |

| Industrial course |
|---|
| Johoku Tsubasa Senior High School (Manufacturing course) |
| Nagoya Kouka Senior High School (Machinery course) |
| Toyota Kouka Senior High School (Machinery course) |
| Okazaki Kouka Senior High School (Machinery course) |
| Kariya Higashi Senior High School (Machinery course) |
| Toyohashi Kouka Senior High School (Machinery course) |
| Nagoya Shiritsu Kougyou Senior High School (Industrial Skill Course) |

| Commerce course | |
|---|---|
| Seto Kouka Senior High School (Integrated Business Course) | |
| Handa Shougyou Senior High School (Integrated Business Course) | |
| Nagoya Shiritsu Chuo Senior High School (Commerce Course) | Toyohashi Shiritsu Toyohashi Senior High School (Integrated Business Course) |

【Daytime Part-time class *(Chukan Teijisei)*】

| **General Course** |
|---|
| Ichinomiya Okoshi Kouka Senior High School |
| Kariya Higashi Senior High School |
| Mito Aoba Senior High School |
| Nagoya Shiritsu Chuo Senior High School |
| Toyohashi Shiritsu Toyohashi Senior High School |
| Saya Senior High School |
| Taketoyo Senior High School |
| Yutakano Senior High School |

| **Comprehensive Course** |
|---|
| Jouhoku Tsubasa Senior High School |

# 4 Ang Private Senior High School

## (1) Espesyal na katangian ng Private Senior High School

Ang Private Senior High School ay may kanya-kanyang katangian.
Tayo ay mangalap ng impormasyon mula sa school orientation o tingnan sa 「*Aichi Ken Shiritsu Gakkouten*」 ang tungkol dito.

| |
|---|
| **Eksibit ng Private Senior High Schools sa Aichi** |
| ・Petsa：Agosto 22 (Huwebes) at Agosto 23 (Biyernes) 2024 |
| ・Lugar：Dolphins Arena Aichi Prefectural Gym（Nagoya-shi, Naka-ku, Ni no Maru 1-1） |

## (2) Entrance examination sa Private Senior High School

Mayroong By recommendation *(Suisen senbatsu)* at General selection *(Ippan senbatsu)* .

| By recommendation | General selection |
|---|---|
| ○ Sa 1 Senior H.S. lamang kukuha ng pagsusulit.<br>○ Kung papasa rito, hindi na makakakuha ng pagsusulit sa ibang paaralan.<br>○ Mayroong academic test at interview. | ○ Maaaring kumuha ng pagsusulit sa maraming paaralan.<br>○ Makakakuha rin ng pagsusulit sa **Public Senior High .**<br>○ 5 subjects ang magiging pagsusulit.<br>※ Mayroon ring 3 subjects lamang.<br>※ Mayroong interview sa ilang paaralan. |

# 5 Ang Special Training High School

## (1) Ang espesyal na katangian ng Special Training High School

Ito ay private high school.
Makakakuha ng sertipikasyon at mahahasa ang skills na magagamit sa pagtatrabaho.
Makakakuha rin ng high school diploma sa piling paaralan.

## (2) Nilalaman ng mapag - aaralan

| | |
|---|---|
| Fashion・Home economics | Pag-aaralan ang fashion at pagluluto. |
| Industrial field | Electric, electronics, machining course. |
| Sanitation field | Culinary, cosmetology at hairdressing. |
| Commercial practice | Pag-aaralan ang negosyo o business. |
| Cultural & creative arts field (design) | Design, arts, music, at iba pa. |
| Welfare field | Welfare, caregiving, atbp. |

Tayo ay maglikom ng impormasyon mula sa school orientation o tingnan sa 「*Aichi Ken Shiritsu Gakkouten*」.

**Eksibit ng Vocational School Senior High School Course ng Aichi**

・Petsa：Setyembre 14, (Sabado) 2024

・Lugar：Nadya Park (Nagoya-shi, Naka-ku, Sakae 3-18-1)

### (3) Entrance examination ng Special Training High School

Magkakaiba ang pagsusulit sa bawat paaralan. Tiyakin ito mula sa inyong guro.

## 6 Career guidance sa Junior High School

### (1) Career guidance orientation *(Shinro setsumeikai)*

Karaniwan itong ginagawa sa school gym, para sa 3rd year Junior H.S. at kanilang mga magulang. Ipapaliwanag sa orientation na ito ang mga hakbangin ng career advancement o *shinro.* Mapapakinggan rito kung ano ang pinili ng mga nagsipagtapos ng nakaraang taon.

### (2) Career advancement survey *(Shinro kibou chousa)*

Isusulat sa survey form ang paaralan kung saan nais kumuha ng pagsusulit ng mag-aaral. Pagkakuha ng form na ito, kinakailangan itong isumite muli sa guro sa itinakdang deadline.

### (3) Individual Consultation *(Kojin kondankai)* / 3person consultation *(Sansha mendan)*

Upang mapagdesisyunan ang hakbangin sa career advancement o *shinro*, mag-uusap ang mag-aaral, magulang nito at class adviser.

### (4) Career advancement newsletter *(Shinro dayori)*・pamphlet

Makakakuha ng career advancement newsletter at pamphlet mula sa Junior H.S.
Nakasulat rito ang durasyon ng pagsusumite ng requirements at iba pang mahalagang bagay hinggil sa career advancement.
Nakasulat rin ang iskedyul ng Open Campus at School Admission Consultation ng bawat Senior H.S.

## 7 Ang iskedyul sa 3rd year Junior high school hanggang entrance examination

### (1) Iskedyul hanggang matiyak ang entrance examination (halimbawa)

| Buwan | Kaganapan |
|---|---|
| Abril | Career Advancement Orientation / Senior H.S. Choice Survey |
| Mayo | Prelim test |
| Hunyo | Final test ng grading period・Educational consultation |
| Hulyo | Individual consultation |
| Agosto | ※Senior High School class sit-in, at High School orientation mangyaring dumalo sa mga oriyentasyon na kagaya nito.) |
| Septyembre | Senior H.S. Choice Survey |
| Oktubre | Prelim test |
| Nobyembre | Educational consultation / Final test ng grading period |
| Disyembre | Individual consultation<br>＊Konsultasyon hinggil sa private entrance examination |
| Enero | Individual consultation<br>＊Konsultasyon hinggil sa public entrance examination |
| Pebrero | Magsisimula ang entrance examination mula buwan ng Enero. Tingnan ang kolum sa ibaba. |
| Marso | |

＊Magkakaiba ang iskedyul at daloy ng pagsusulit depende sa paaralan.

### (2) Iskedyul ng entrance examination (Isang Bahagi)

| | Private Senior High School | Public Senior High School | |
|---|---|---|---|
| | | Full-time Course | Part-time Course |
| Enero 15 (Miyerkules) | By Recommendation (*Suisen*) | | |
| Enero<br>22 (Miyerkules)<br>23 (huwebes)<br>24 (Biyernes) | General Entrance Exams *(Ippan Nyushi)* | | |
| Pebrero 6 (huwebes) | | Entrance examination para sa banyagang mag-aaral<br>By recommendation・<br>Special selection | |
| Pebrero 13 (huwebes) | | | Entrance exam |
| Pebrero 26, (Miyerkules) | | General Selection | |
| Marso 17 (Lunes) | | Ika-2 entrance exam | (Kung may bakante sa kapasidad) Entrance exam (Iskedyul) |

Dumalo sa Senior High School Class Sit-in o School Orientation

Sa pagdalo sa aktibidad na ito, makikita kung ano ang kaibahan ng bawat Private Senior High School,
Maaaring magpalista sa Junior H.S. o mula sa Senior High School homepage.

Dumalo sa Private Senior High School o Special Training High School Orientation. Mayroong personal consultation booth sa mga aktibidad na ito.
Nakasaad sa pahina 5・6 ang iskedyul ng mga orientation na ito.

## 8 Tungkol sa aplikasyon online

Ang mga pampublikong mataas na paaralan sa Aichi Prefecture ay may online na sistema ng aplikasyon na nagpapahintulot na kumpletuhin ang mga pamamaraan online.

Irehistro ang inyong impormasyon sa pamagitan ng pagpaparehistro ng aplikasyon online.

I-print ang pahina sa pagsusulit na natanggap online at dalhin ito sa araw ng pagsusulit.

Maaari itong i-access gamit ang computer, smartphone o tablet. Kakailangan dito ang inyong email address upang magparehistro para sa aplikasyon online. Paghandaan ang mga ito.

Para sa mga katanungan：
Aichi Prefecture Board of Education Department of High School Education
Lupon ng mga gabay sa karera ☎ 052-954-6786

## 9 Gastusin

| | Public Senior High School | | Private Senior High School |
|---|---|---|---|
| | Full-time Course | Part-time Course | |
| Bayad sa Exam | 2,200 yen | 950 yen | Tinatayang 13,000 yen |
| Admission Fee | 5,650 yen | 2,100 yen | Tinatayang 200,000 yen |
| Tuition fee | Sa 1 buong taon 118,800 yen | Sa 1 buong taon 32,400 yen | Sa 1 buong taon Tinatayang 500,000 yen |
| Halagang kailangan sa enrollment※ | Tinatayang 130,000 ~ 180,000 yen | | Tinatayang 300,000 yen |

※Magagastos sa「uniporme」「textbooks」「field trip advance deposit」「student club membership」「facility」, atbp.

Mayroong subsidies mula sa prepektura o sa bansa para sa mga mag-aaral sa Senior High School, subalit ito ay makukuha pagkatapos pa nilang mag-enroll.
Tayo ay maghanda ng kinakailangang halaga bago pa magsimula ang pasukan.

Ukol sa Entrance Fee para sa Private Senior High School

Kapag pumasa sa recommendation entrance exam, matapos lumabas ang resulta makalipas ang ilang araw, ang kabuuang halaga ng entrance exam ay maaari nang bayaran.
Kapag pumasa sa general entrance exam, matapos lumabas ang resulta makalipas ang ilang araw, ang isang parte na nagkakahalagang (20,000 yen) ay maaari nang bayaran. At matapos lumabas ang resulta sa public senior high school saka naman babayaran ang natitirang bayarin.
Kapag hindi nabayaran ang entrance fee ay **makakansela ang pagkapasado!** Mangyaring iwasang mangyari ito.

# 10 Scholarship System

May scholarship support para sa Entrance Fee o tuition fee reduction. Mayroong kailangang bayaran, mayroong hindi.

## (1) Bagay na Hindi na kailangang bayaran

Batay sa kinikita ng isang household, ang mga sumusunod ay ang suporta na maaaring matanggap.

| | Public Senior High School | | Private Senior High School |
|---|---|---|---|
| | Full-time Course | Part-time Course | |
| Admission Fee | Exemption sa pagbabayad ng buong halaga | Exemption sa pagbabayad ng buong halaga | Subsidy mula 100,000Yen hanggang 200,000Yen |
| Tuition fee | Suporta ng buong halaga | Suporta ng buong halaga | Subsidy ng halaga para sa 1 buwan mula 9,900Yen hanggang 35,200Yen |

Ang aplikasyon ng mga ito ay sa Senior high school na papasukan ng bata.

## (2) Kailangang bayaran

① Nagoya City Admission Fee Preparation Fund System *(Nagoya-shi Nyugakukin Junbi Seido)*

Makakahiram ng 300,000 ng walang tubo (may limitasyon sa household income) .
Makaka-apply nito sa Junior high school sa buwan ng Setyembre.
※ Kung gagamitin ang sistemang ito, makakahiram bago pa man magsimula ang enrollment sa Senior High School.

② Aichi Prefecture Social Welfare Council , Livelihood Welfare Fund (Education Support Fund)
*(Aichi Ken Shakai Fukushi Kyougikai, Seikatsu Fukushi Shikin (Kyouiku Shien Shikin)*

Halaga sa 1 buwan, makakahiram hanggang 35,000 yen (may limitasyon sa household income) .
Maaaring mag-apply nito sa Social Welfare Council ng area kung saan kayo nakatira.

③ National loan para sa edukasyon *(Kuni no kyouiku Loan)*

Ito ay national loan bago magsimula ang enrollment sa Senior High School.
Kailangang bayaran ito sa loob ng 15 taon.
Maaaring magsimulang magbayad habang nag-aaral pa, upang mabawasan ang halagang kailangang bayaran sa hinaharap.
☆Para sa mga katanungan ：Japan Finance Corporation Education Loan Call Center
：☎ 0570-008-656

Bilang karagdagan,may mga sistema na nagbibigay ng mga subsidyo depende sa katayuan ng paninirahan at kita.

(Sangunian:Homepage ng Nagoya Shi o Aichi Ken)
http://www.city.nagoya.jp/kyoiku/page/0000051028.html

https://www.pref.aichi.jp/soshiki/kotogakko/0000006059.html

※ Ang detalye ng Subsidy System ng Private Senior High School ay makikita sa website ng Aichi Ken Shigakukin Kyoukai (Aichi Prefecture Private School Finance Association) .
https://www.aichi-shigaku.gr.jp/contents/hojokin.htm

# Ⅱ Ang career advancement ng mga hindi naka-enroll sa Junior high school

## (1) Sa mga hindi nakapagtapos ng Junior High School

Makikita sa mga sumusunod ang mga paraan upang makakuha ng Junior high school diploma.

### ① Panggabing Junior High School

Sa Aichi, ay magbubukas ang sumusunod na paaralan ng dalawang panggabing junior highschool sa tag-sibol (mula sa taong 2025).

**●Nagoya City Nagoyaka Junior High school**

**●Aichi Prefecture Toyohashi Junior High School**

Para ito sa mga mag-aaral na may 15 taong gulang pataas na hindi nakapagtapos ng junior high school. Pag-aaralan ang lahat ng subject sa junior high school. Ang mga mag-aaral ay magtatapos sa Junior Highschool , kapag matagumpay na nakumpleto ang nakatalagang kurso.

May 5 araw na klase sa isang linggo.  Libre ang matrikula at mga aklat.

Mayroon gaganapin na pagtitipon para sa pagpapaliwanag mula sa panahon ng tag-araw hanggang tag-lagas.

【Para sa mga katanungan】●Nagoya City Nagoyaka Junior High school
Seksyon ng Promosyon para sa Pagpapaunlad ng Paaralan,
Kalihiman ng Lupon ng Edukasyon ng Nagoya City
☎052-211-8932

【Para sa mga katanungan】●Aichi Prefecture Toyohashi Junior High School
Aichi Prefecture Board of Education, Aichi Learning Promotion Division
☎052-954-6315

**※Panggabing junior high school na nakatakdang itatag mula sa school year 2026**

Kenritsu Toyota  Junior High School, Kenritsu Komaki Junior High School,

Kenritsu Ichinomiya Junior High School

### ②Junior High School Graduation Certification Test

Ito ay pagsusulit ng bansa upang kilalanin ang naging pagtatapos sa Junior high school ng mag-aaral.
Ito ay para sa mag-aaral na 15 taong gulang at hindi nakapagtapos ng Junior high school.
5 asignatura →Japanese・Social studies・Mathematics・Science・English ang magiging pagsusulit. Maaaring kumuha ng eksaminasyon na may rubi ang kanji characters.
Kung naipasa ang lahat na limang asignatura, makakakuha ng high school entrance qualification.   Walang bayad ang eksaminasyon. May pagsusulit tuwing buwan ng Oktubre sa bawat taon.   Ang application form ay binibigay simula Hulyo~kalagitnaan ng Septyembre.

Para sa mga katanungan：Education, Culture, Sports, Science & Promotion Life Long Learning Division ☎ 03-5253-4111
Aichi Prefectural Board of Education Compulsory Education Division
☎ 052-954-6790

## (2) Sa mga nakapagtapos ng Junior High School maliban sa bansang Japan

Kakailanganin dito ang dokumento na magpapatunay bilang nakapagtapos ng 9 na taong pag-aaral.
Puntahan ang Aichi Board of Education, Koto Gakko Education Division, dalhin at ipakita ang dokumento na magpapatunay bilang nakapagtapos ng 9 taong pag-aaral.
Kailangan ang sapat na oras upang suriin ang mga dokumento, kaya puntahan ito bago ang Disyembre.

**Aichi Board of Education Koto Gakko Education Division**
Nagoya-shi, Naka-ku, San-no-maru 3-1-2  Ken-cho Nishi-Chosha 9F
☎ 052-954-6786  ✉ kotogakko@pref.aichi.lg.jp

【Materyales1】

| **Ang tungkol sa Group A at Group B Public Senior High School (Full-time)** |
|---|

Makakapili ng hanggang 2 Public Senior High School (First Choice / Second Choice).
Magkahiwalay ang Group A at Group B
Maaaring pumili ng 1 paaralan sa Group A at 1 paaralan sa Group B
Puwede ding 1 paaralan lamang

[General Course]
Nahahati ang paaralan sa distrito ng Owari at distrito ng Mikawa
Makakapili lamang ng paaralan kung saan kayo nakatira.
Ang paaralan sa distrito ng Owari ay nahahati sa Division 1 at Division 2.
.

| General Course | | |
|---|---|---|
| Paaralan sa distrito ng *Owari* | | Paaralan sa distrito ng *Mikawa* |
| Owari Division 1 | Owari Division 2 | |
| Group A | Group A | Group A |
| Group B | Group B | Group B |

Ang [Specialized Course] at [Comprehensive Course] ay maaaring piliin kahit saan ka nakatira

| Specialized Course | Comprehensive Course |
|---|---|
| Group A | Group A |
| Group B | Group B |

Maaaring tumanggap ng kombinasyon ng paaralan kung ito'y sa General Course, Specialized Course, Comprehensive Course. Isangguni sa guro kung ano ang kombinasyon ng paaralan na dapat piliin.

【Materyales 2】

| **Ang mga katanungan noong nakalipas na 5 taon** |
|---|

**Aichi-ken Kenmin Sodan - Joho Center Information Corner**
Nagoya-shi Naka-ku Sannomaru 2-3-2, Aichi-ken Jichi Center 2nd floor ☎ 052-954-6164
Subway Meijo-line **Nagoyajo Station** 3 minutong maglalakad mula Exit 5 .
Oras : 9:00am - 5:15pm
Sarado ng Sabado, Linggo at Piyesta Opisyal

**Makikita mula sa website na nasa ibaba ang detalye nito.**
**https://www.pref.aichi.jp/soshiki/kotogakko/0000027366.html**

↑2024

## Pagpapakilala ng Paaralan

| | |
|---|---|
| Pangalan ng Paaralan | **Aichi Prefectural Nakagawa Seiwa Senior High School**<br>***Aichi Kenritsu Nakagawa Seiwa Koto Gakko***<br>**※ Nagbago ang pangalan nito mula sa dating [Nakagawa Shougyou].** |
| Address | 〒454-0912　Nagoya City, Nakagawa Ward, Noda 3-Chome 280 Banchi<br>Tel：052-361-7457 |
| Pinakamalapit na istasyon ng tren | **Mula sa Hatta Station** (Chikatetsu *Higashiyama* Line・JR Kansai Line・Kintetsu) 5 minuto sa bisikleta |
| Katangian（time schedule, asignatura, School activities、Career advancement pagka-graduate） | ○**Katangian**　○**Iskedyul**　○**Asignatura**<br>Halos ang 2/3 ng leksyon ay regular na subjects at ang 1/3 ay mga subjects upang maging bihasa sa commerce. Sa 1st year, pag-aaralan ang mga commerce subjects na kagaya ng book keeping, information processing atbp. Simula 2nd year, ayon sa interes at nais ng mag-aaral ay specialized commerce course naman ang pag-aaralan. Sa mag-aaral na nasa ilalim ng Foreigners Selection, sa elective subjects sa bawat baitang ay may Japanese subject (2 beses/1 linggo).<br><br>○**School activities**<br>Ball sports competition, cultural festival, sports festival, field trip, excursion, theatre appreciation assembly, farewell ceremony para sa mga magtatapos.<br><br>○**Club Activities**<br>Mayroong sports club at culture club kung saan maipapakita ng mag-aaral ang kakayahan sa sports o commerce specialization, lalo na ang volleyball (pambabae) na lumalaban sa prefectural competition.<br><br>○ **Career advancement ng nagsipagtapos**<br>55% ang bilang ng nagtrabaho at 45% ang nagpatuloy ng pag-aaral (College, Short Term college at Vocational School). |
| Matrikula sa 1 buong taon（tinatayang halaga） | Taunang matrikula ay 118, 800 ( 9,900/ buwan; may subsidy na maaaring makuha batay sa household income.) |
| Iba pang bayarin bukod sa matrikula sa 1 buong taon | Plano (halimbawa sa taong 2024)<br>Unang taon: tinatayang 192,000 yen【learning materials・supplemental textbooks・field trip advance deposit】<br>※Walang uniporme, kailangan maghanda ng sariling suits ang bawat mag-aaral<br>Sa Ika-2 taon: tinatayang 80,000 yen. Sa Ika-3 taon: tinatayang 60,000 yen. |
| Bilang ng banyagang mag-aaral・Nasyonalidad | 52 mag-aaral (1st year- 21, 2nd year- 22, 3rd year- 9)<br>Philippines, Brazil, China, Nepal |
| Remarks | |

| | |
|---|---|
| Paalaran | **Nagoya Institute of Engineering College** **(Senior High School Course)**<br>*Gakko Hojin Denpa Gakuen Nagoya Kogakuin Senmon Gakko* |
| Address | 〒456-0034 Atsuta-ku, Tenma 2-24-14 Tel：052-682-7871 |
| Pinakamalapit na istasyon ng tren | ◇Meijo subway line , mula sa Atsuta Jingu Tenmacho sta. , exit 3, maglalakad ng 5 minuto sa direksiyong south west.<br>◇Meitetsu Nagoya line, mula Jingumae sta., maglalakad ng 15 minuto sa direksiyong timog.<br>◇Meitetsu Tokoname line; mula Toyota Honmachi sta., maglalakad ng 5 minuto<br>◇JR Tokaido line; mula Atsuta sta. , maglalakad ng 20 minuto sa direksiyong timog (mayroong school bus para sa pagpasok at pag-uwi mula sa istasyon ng tren.) |
| Katangian (time schedule, asignatura, School activities、Career advancement pagka-graduate) | ○Katangian：<br>・Binibigyang halaga ang basics sa pagsulong sa aralin, magkakaroon ng tiwala sa sarili maging ang mag-aaral na nahihirapan sa aralin. Ang motto ng paaralan ay [maunawaan] [makaya] [magkaroon ng tiwala sa sarili].<br>・May mga kursong [General course (academics)] at [Electric course].<br>・Makakakuha ng ilang pagsusulit at sertipikasyon.<br>・Kasabay ng pagtatapos sa paaralang ito ay makakatanggap rin ng diploma ng pagtatapos sa Senior high school.(Nagoya Tachibana Senior High School)<br>○Timetable：<br>・6 hr.lesson/1 araw (50 minuto/lesson), 9:00~15:35, 5 araw na pagpasok/1 linggo<br>○Asignatura：<br>・General course *(Futsu-ka)*… Ito ay academics (Japanese, Mathematics, English, atbp.) Ang comprehensive Information course naman ay malawakang pag-aaral ng personal computer.<br>・Electric course…kumbinasyon ng academics, electric at machinery course.<br>○Club activities：<br>Physical education- 11 clubs ・Liberal arts- 6 clubs<br>※Ang boxing club ay taun-taon kaanib sa national competition at isa sa pinakamalakas na paaralan sa larangang ito.<br>※Ang computer create division naman ay kaanib sa e-sports Senior high school competition .<br>○ Career advancement ng nagsipagtapos noong taong 2021：<br>・Sumulong sa mas mataas na edukasyon…halos 75%（unibersidad, vocational school, atbp.)<br>・Nagtrabaho…halos 25%（hindi tiyak kung ilan ang natanggap） |
| Matrikula sa 1 buong taon（tinatayang halaga） | **396,000Yen【¥99,000 × 4** period (Abril, Hulyo, Oktubre at Enero**】**<br>Nitong nakaraang taon, 83% ng aplikante ay naaprubahan upang makakuha ng full tuition refund. |
| Iba pang bayarin bukod sa matrikula sa 1 buong taon | ○**Admission Fee/ Enrollment Fee:**<br>General Course…**¥382,620,** Electronics Course…**¥387,700** (School Admission Fee, education enhancement fee, correspondence education schooling admission Fee, uniform fee , P.E. materials fee, textbooks at educational materials fee, atbp.)<br>○Iba pang bayarin：**¥136,600** (Field trip advance deposit fee, student club fee, educational activities fee, at correspondence education schooling fee... Mayroong Prefecture Tuition Fee Reduction System) |
| Bilang ng banyagang mag-aaral・Nasyonalidad | 43 mag-aaral (1st Year - 13 2nd Year - 16 3rd Year - 14)<br>China, Philippines, Brazil, Peru, Nepal, Vietnam, Pakistan, Mongol, Thai, Indonesia. |
| Remarks | ・Class sit-in Agosto 24<br>・School observation・Orientation（Ika-1 beses: Oktubre 12，mayroon pang 5 beses na kasunod.） |

| | |
|---|---|
| Paaralan | **Nagoya Information Specialization School (Senior)**<br>***Nagoya Jouhou Senmon Gakkou（Koutou Katei）***<br>**(Information Processing Course)** |
| Address | 〒458-0924　Nagoya City, Midori Ward, Arimatsu 912 Ban-chi/052-624-5658 |
| Pinakamalapit na istasyon ng tren | Meitetsu Nagoya Line, 3 minuto mula Arimatsu sta. |
| Katangian（time schedule, asignatura, School activities、Career advancement pagka-graduate） | ○Katangian: Ang motto ng paaralan ay makapasok nang palagay ang loob ang mga mag-aaral.<br>① Maraming tapat at mabait na mag-aaral.<br>② Ang mabagal subalit tiyak na paraan ng pag-aaral ay patungo sa malaking tiwala sa sarili.<br>③ Makakatanggap rin ng diploma ng pagtatapos sa Aichi Sangyo University Mikawa Senior High School.<br>○Iskedyul: 6hr. lesson/ 1 araw　※Papasok hanggang 8:45 ng umaga.<br>50 minuto/ lesson (8:50~15:30)<br>○Asignatura: General course *(Futsu-ka)* … Ito ay academics (Japanese, Math, English, P.E. atbp.) at Information processing･word processing･commerce at iba pang specialized courses. Mayroon ring English conversation at Chinese conversation.<br>○Sertipikasyon・Kuwalipikasyon: General Commerce Information ProcessingTest, General Commerce, Documentation Practice Test, Japan Kanji Test, Hazardous Materials Handling Test, Caregiver Beginner`s Training, atbp.<br>○School activities: Sports Festival, Musical Theatre Observation, Field Trip, Graduation trip, School Festival, atbp.<br>○Club activities: Japanese-style baseball, athletics, soccer, table tennis, volleyball, PC.<br>○Interaction assembly: Basketball, badminton, railroad, comics *(man-ga)*<br>○Career advancement pagka-graduate (taong 2023):<br>Sumulong sa mas mataas na edukasyon… Specialization course ng aming paaralan. (75% ng sumulong sa mas mataas na edukasyon ay), ibang unibersidad・Specialization School<br>Nagtrabaho... 60 katao（Manufacturing companies sa Aichi Prefecture）, Sales・Shipping industry・Security service company, may caregiver at vocational training school) |
| Matrikula sa 1 buong taon（tinatayang halaga） | 408,000 yen［102,000yen x 4 period（Abril・Hunyo・Setyembre・Disyembre)］<br>※Ang sistema sa support fund para sa matrikula sa bansa at ang pa-scholarship sa prepektura ay depende sa kita, mayroon ding subsidy na (buong tuiton fee refund).<br>※Nitong nakaraang taon, 89% ng aplikante ng tuition fee subsidy ang naging kuwalipikado para sa buong tuiton fee refund. |
| Iba pang bayarin bukod sa matrikula sa 1 buong taon | ○School fees sa enrollment: 256,700 yen（Admission fee, accommodation fee para sa bagong mag-aaral, textbooks, Disaster Mutual fund, Correspondence schooling admission fee）<br>※Depende sa halaga na kinita ng sambahayan, at tinatayang 148,000 yen ang mai-refund sa ibang araw.<br>○School uniform, P.E, uniform, school materials-　Tinatayang 82,000 yen. (babayaran sa kumpanya)<br>○Iba pang gastusin　61,000 yen/taon（field trip advance deposit, student council membership fee）<br>○Correspondence schooling fee　51,600 yen/ taon<br>※Depende sa halaga na kinita ng sambahayan, at tinatayang 51,600yen ang makuhang subsidy. |

Mayroon rin sa likod ⇨

| | |
|---|---|
| Bilang ng banyagang mag-aaral<br>・Nasyonalidad | 30 katao, Brazil, Chinese,Peru,Philippines,Korean, Nepal,Vietnam,Pakistan,Colombia |
| Remarks | Tinuturuan ang bawat mag-aaral sa paraang ayon sa kanilang kakayahan.<br>Class sit-in: Hulyo 21 (Linggo); Hulyo 27 (Sabado), Agosto 25 (Linggo)<br>School observation: Oktubre 19 (Sabado), Oktubre 27 (Linggo), Nobyembre 2 (Sabado), Nobyembre 10 (Linggo), Nobyembre 17 (Linggo), Nobyembre 23 (Sabado/Pista Opisyal), Nobyembre 30 (Sabado), Disyembre 7 (Sabado). |

| | |
|---|---|
| Paaralan | **Aichi Prefectural Johoku Tsubasa Senior High School**<br>***Aichi Kenritsu Johoku Tsubasa Koto Gakko***<br>***(Part-time schooling Daytime Integrated Course)*** |
| Address | 〒462-0052 Nagoya City, Kita Ward, Fukutoku-cho, Hiroseshima 350-4 /<br>Tel：052-911-4421 |
| Pinakamalapit na istasyon ng tren | 「Johoku Tsubasa Kouko」(Nagoya City Bus)<br>「Shounai-doori」(17 minutong lalakarin, Chikatetsu Tsurumai-sen) |
| Katangian（time schedule, asignatura, school activities, career advancement pagka-graduate） | ○Katangian: Maaari kang pumili at mag-aral ng mga paksa mula sa isang malaking bilang ng mga elektibong paksa batay sa iyong mga hangarin at interes sa karera.<br>○Iskedyul: Start Time 08:40<br>Unang Oras 08:55～09:40 Ikalawang Oras 09:50～10:35<br>Ikatlong Oras 10:45～11:30 Ikaapat na Oras 11:40～12:25<br>※Para sa mga nagnanais na makapagtapos sa loob ng 3 taon ay mayroong daytime class na mapagpipilian. Matatapos ng 16:05 ang Ikapitong Oras.<br>○Kurso ng Pangkalahatang Asignatura: Research Studies, Health Welfare, Information Studies, Home Economics, Arts & Creativity (mapagpipilian sa Unang Taong pagpasok)<br>○School Activities: Excursion, Field Trip, Sports Festival, Cultural Festival, Performing Arts Show<br>○Club Activities: Softball, Soccer, Dance, Track & Field Competition, Badminton, Creativity, Music, Horticulture, *Igo* & *Shogi* (Japanese Board Games), LoL (E Sports), History Studies, Science<br>○Career Advancement ng nagsipagtapos:<br>College and Junior College 29% Vocational School 18%<br>Nagtrabaho 33% Iba pa 18%<br>(mula sa datos ng mga nagsipagtapos sa taong 2023) |
| Matrikula sa 1 buong taon（tinatayang halaga） | ¥32,400 (mayroong pinansyal na suporta nababatay sa kita ng pamilya) |
| Iba pang bayarin bukod sa matrikula sa 1 buong taon | 80,000 yen (Halagang babayaran sa unang taon. Mas mura pagpasok sa Ikalawang Taon.)<br>50,000 yen ang halaga ng babayaran sa oras ng pagpasok sa buwan ng Abril.<br>100,000 yen ang halaga ng para sa uniform at PE uniform etc.<br>66,000 yen ang halaga na advance deposit para sa School field trip |
| Bilang ng banyagang mag-aaral<br>・Nasyonalidad | 60 katao: Nepalese, Filipino, Chinese, Central South America, Middle East, Africa, Southeast Asia |
| Remarks | Sa klase , sa wikang hapon, kadalasan isinasagawa ang aralin (inilalabas) ayon sa antas ng kahusayan ng mag-aaral sa kanilang abilidad sa wikang hapon. |

| | |
|---|---|
| Paaralan | **Nagoya City Industrial High School Part-time schooling (Panggabi; Industrial course)**<br>***Nagoya Shiritsu Kogyo Koto Gakko Teijisei Katei (Yakan) Kogyo Gijutsu-ka*** |
| Address | 〒454-0851 Nagoya-shi, Nakagawa-ku, Kitae-cho 3-13 / Tel：052-361-3116 |
| Pinakamalapit na istasyon ng tren | 5 minutong lalakarin mula sa **Nakajima** (*Aonami*-line)<br>5 minutong lalakarin mula sa **Shiritsu Kogyo Koko** (city bus) |
| Katangian （time schedule, asignatura, School activities、Career advancement pagka-graduate） | ○**Katangian:**<br>Sa gabi ang pag-aaral, 4 na taon bago makatapos. Maaaring makatapos ng 3 taon ang masigasig na mag-aaral.<br>○**Iskedyul** School meal 17:10-17:35<br>1st period: 17:40-18:25 / 2nd period: 18;25-19:10<br>Breaktime: 19:10-19:15<br>3rd period: 19:15-20:00 / 4th period: 20:00-20:45<br>○**Subjects**<br>Sa 1st at 2nd yr. ay idinagdag sa basic subjects ang basic industrial subjects (Basic Industrial Technology, Basic Information Technology, Industrial science, atbp.). Sa ika-3 taon, magkahiwalay na ang「Machinery Course」at「Computer Course」,kung saan matututunan ang mas mataas na antas ng specialized knowledge at skills.<br>Bukod pa rito, maaari din kumuha ng pagsusulit para sa sertipikasyon ng gas welding skill technician, Type 2 electrical constructor, hazardous materials handling, calculation skill certification, information skill certification, atbp.<br>○**School activities**<br>Shi-ko de Night (sports・e-sports・board games, atbp.)<br>En-nichi de Night (cultural festival・field trip（4th year）, Joint appreciation activity, off campus movie festival, Farewell ceremony para sa mga magtatapos.<br>○**Club Activity:** 20:50~ 22:30<br>Field sports club (track and field,baseball, soccer, atbp.)・badminton・robotics club・After-school clubs (volleyball, basketball, pag-gawa ng plastic model, pagtatanghal ng musika, pananahi, games, atbp) ay aktibo sa kasalukuyan.<br>○Career advancement ng nagsipagtapos noong taong 2023：<br>Sumulong sa mas mataas na edukasyon:<br>Specialized o vocational-3, Nagtrabaho- 18 katao |
| Matrikula sa 1 buong taon （tinatayang halaga） | **32,400 Yen** (may subsidy na maaaring makuha batay sa household income.) |
| Iba pang bayarin bukod sa matrikula sa 1 buong taon | Tinatayang halaga: 80,000 yen (evening meal, field trip advance deposit, student club fee,atbp.)<br>Kakailanganin ang 50,000 yen sa enrollment sa Abril (P.E. uniform, gym shoes, practical skills uniform, textbooks, practical learning materials katulad ng light bulbs, atbp.) |
| Bilang ng banyagang mag-aaral ・Nasyonalidad | 12 mag-aaral Philippines, Brazil, Nepal, China |
| Remarks | Sa unang taon (1st year), ang Japanese, Math, English ay pag-aaralan ng kaunting bilang ng mag-aaral. Bilang karagdagan, ang mga pangunahing kaalaman sa akademikong pagtuturo sa wikang Hapon, matematika at Ingles ay ibinibigay sa simula ng taon ng akademiko para sa mga mag-aaral na nahihirapan sa pag-aaral. |

| | |
|---|---|
| Paaralan | **Nagoya City Chuo High School**<br>Part-time Schooling (Panggabi) General Course ・ Commerce Course<br>*Nagoya Shiritsu Chuo Koto Gakko Teijisei Katei (Yakan) Futsu-ka･Shogyo-ka* |
| Address | 〒460-0007 Nagoya City, Naka Ward, Shinsakae 3-Chome-15-45<br>Tel：052-241-6538 |
| Pinakamalapit na istasyon ng tren | Chikatetsu Higashiyama Line , 8 minuto maglalakad mula sa exit number 5 ng mula **Chikusa** Station.<br>JR lines, 8 minuto maglalakad mula **Chikusa** Station<br>City bus, 3 minuto maglalakad mula **Shinsakae,** 3-chome . |
| Katangian （time schedule, asignatura, School activities、Career advancement pagka-graduate） | ○**Katangian**<br>Layunin nito na makapagtapos ng high school ang mag-aaral habang nagtatrabaho sa umaga at papasok ng paaralan sa gabi. Sa loob ng 4 na taon ay maaaring makapag-aral ayon sa sariling oras o kakayahan. Maaari ding tumanggap ng diploma sa loob ng 3 taon kung mag-aaral rin sa pang-umagang Part-time Course sa Chuo Koto High School at sa Correspondence school.<br>○**Iskedyul** School meal 17:10 ~ 17:35<br>1st period 17:40〜18:25 / 2nd period 18:25〜19:10<br>Breaktime 19:10〜19:15<br>3rd period 19:15〜20:00 / 4th period 20:00〜20:45<br>○ Asignatura：<br>1st year- General Course at Commerce Course ang pag-aaralan.<br>2nd year- Magkahiwalay nang pag-aaralan ang General Course at Commerce Course .<br>Sa General Course, academics･regular subjects ang pag-aaralan. At sa commerce course ay book keeping, finance, information processing at specialization subjects research.<br>Sa General course, pag-aaralan ang commerce subjects sa 1st year at 4th year.<br>Sa Commerce Course ay maaaring sumubok ng iba`t ibang mga certification test sa Commerce at Information Processing.<br>Maaaring kumuha sa General Course ng certification test sa Word processing, atbp.<br>○**School activities**<br>Ball sports competition, Sports festival, Cultural club presentation,school festival, field trip (4th year), atbp.<br>○**Club Activities** 20:45〜21:30 (mag-eensayo)<br>･Sports → Badminton, Basketball, Volleyball, Table Tennis,<br>･Cultural →theater, tea ceremony, Calligraphy, photography, music, commerce, Manga Culture Research<br>○ **Career advancement ng nagsipagtapos**<br>Kolehiyo (4 na taon)- 4, Vocational School- 9, Nagtrabaho- 20 katao. |
| Matrikula sa 1 buong taon（tinatayang halaga） | **32,400 Yen** (may subsidy na maaaring makuha batay sa household income.) |
| Iba pang bayarin bukod sa matrikula sa 1 buong taon | **84,000** (evening meal, field trip advance deposit, student club fee)<br>**7,100** (P.E. uniform at sapatos)<br>※ **30,000** hanggang sa enrollment sa Abril【para sa taong ito】 |
| Bilang ng banyagang mag-aaral ・Nasyonalidad | 91 mag-aaral Philippines 36, Nepal 36, China 4, at iba pa. |
| Remarks | Ang mga mag-aaral sa 1st year ay mayroong tutorial sa mga basic subjects (Japanese, Math, English) , 45 beses sa loob ng school year. Bagama`t may tutorial para sa mga banyagang mag-aaral, lubhang mahihirapan sa pag-aaral kung hindi marunong ng conversational nihongo at hiragana. |

## Impormasyon ukol sa Konsultasyon para sa Edukasyon ng mga Dayuhang Estudyante

Ang Nagoya International Center ay nagsasagawa ng libreng konsultasyon para sa mga banyagang mag-aaral na naninirahan sa Japan tungkol sa mga suliraning pang-edukasyon o sa pamumuhay sa loob ng paaralan. Mangyaring subukang komunsulta.

・Araw ng konsultasyon: Bawat araw ng
Miyerkules・Biyernes・Linggo 10:00-17:00
・Bayad: Libre
・Lugar: Nagoya International Center 3rd Floor　Information Counter
・Paraan ng pagkonsulta: Direktang pumunta（kailangan ng reserbasyon）, tumawag o mag mail.

※Pakitandaan lamang na maaaring hindi makapagbigay ng sapat na impormasyon sa pagkonsulta mula sa pagtawag sa telepono, Skype o mula sa Mail .

・Numero ng Telepono: 052-581-0100
・E-mail: info@nic-nagoya.or.jp

Ang konsultasyon ay isinasagawa sa Nihonggo, sabihin lamang kung kinakailangan ng interpreter.

＜Araw na may Interpreter＞
Wikang Pilipino: Linggo 13:00-17:00

【作成／Produced by】
公益財団法人名古屋国際センター
Nagoya International Center
All rights reserved
TEL　０５２－５８１－０１００
FAX　０５２－５７１－４６７３

※本資料の内容の一部または全部を無断で引用・転載することはご遠慮ください。

This material may not be published, rewritten, or redistributed in whole or part without the express written permission of the Nagoya International Center.